
# Natuto na si Onyok




Isinulat nina:


April Gail P. Gonzales
Fatima G. Liang
Reymel D. Quiambao
Tanya Kaye B. Samillano


Iginuhit nina:

Rolando D. Mendiola
Ralph Anthony G. Timbol

Inilapat ni:

Abraham M. Cruz





Competency:

- Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop sa sitwasyon. F2WG – IIa-i



DEVELOPMENT TEAM

Kwento nina: April Gail P. Gonzales
Fatima G. Liang
Reymel D. Quiambao
Tanya Kaye B. Samillano

Guhit nina: Rolando D. Mendiola
Ralph Anthony G. Timbol

Lapat ni: Abraham M. Cruz

Learning Resource Managers:


Ruel F. Bondoc
Alternative Learning System/Indigenous People Education, EPS-I

Ruby M. Jimenez, PhD
Learning Resources Management and Development Section, EPS-I

Division of Pampanga

# Natuto na si

# Onyok









Sa Sitio Magalang ay mayroong batang nagngangalang Onyok. Masipag at masunurin siyang bata. Sa kabila ng mga katangiang ito, si Onyok ay may ugaling hindi nagugustuhan ng karamihan. Siya ay hindi marunong gumamit ng magagalang na pananalita.





“Onyok, ayusin mo ang iyong higaan,” sabi ng kanyang ina. “Oo!” sagot ni Onyok. Pagkatapos ay naghanda na siya para sa pagpasok sa paaralan. “Ate, iabot mo ang bag ko!” sigaw ni Onyok. “Inay, kung magsalita si Onyok parang matanda siya, hindi man lang marunong makiusap,” sumbong ng kanyang ate.

Tumakbong paalis si Onyok upang umiwas sa sermon. Nang makita niya ang kanyang mga kaklase, “Hoy! Sabay na tayong pumasok!” sigaw ni Onyok. “Ayan na siya! Bilisan natin ang paglalakad!” bulong ng mga kaklase niya. Naiwang naglalakad na mag-isa si Onyok.









Sa kanilang silid-aralan, bumati ang mag-aaral ng "magandang umaga po Binibining Santos." Samantalang si Onyok ay abala sa pagguhit sa kanyang kwaderno. Napansin ito ng kanilang guro at nilapitan siya upang kausapin.

"Ano ang ginagawa mo Onyok?" tanong ng kanyang guro. "Wala, iginuguhit ko lang ang napanood ko kagabi," sagot ni Onyok. "Napansin ko lang na sa tuwing sumasagot ka parang may kulang," wika ng kanyang guro. "Hay naku Onyok, kailan ka kaya matututo?" dagdag pa niya.



Nagbulungan ang kanyang mga kaklase sa nakita. “Hindi talaga siya marunong gumamit ng magagalang na pananalita,” sabi ng kanyang kaklase. “Oo nga, kapag hindi siya gumamit ng magagalang na pananalita huwag natin siyang sasagutin,” pagsang-ayon ng iba.






Nagkaroon sila ng pangkatang gawain. Napili bilang lider si Onyok sa kanilang grupo. “Isulat mo ito!” utos ni Onyok. “Iguhit mo naman ito!” muling utos niya. Walang pumansin sa mga sinabi ni Onyok. “Wala bang makikinig sa akin dito?” pagalit na sigaw ni Onyok.







Napansin sila ni Bb. Santos. “Ano ang nangyayari dito?” tanong ng guro. “Si Onyok po kasi Ma’am, puro utos hindi man lang po marunong makiusap,” sagot ng kaklase. “Onyok, maaari ba kitang makausap?” sabi ng guro. “May tamang paraan ng pakikipag-usap sa nakatatanda at sa kapwa-bata,” dagdag pa ng guro.







Naliwanagan si Onyok sa pangaral ng kanyang guro. Bumalik siya sa kanyang mga kagrupo at sinabing "Maaari ba akong sumali ulit sa inyo?" pakiusap ni Onyok. Masayang sumagot ang kanyang mga kaklase ng "Oo naman Onyok!". Gumawa sila ng may pagtutulungan at may paggalang sa opinion ng bawat isa.



Pagdating sa bahay, nagmano siya sa kanyang ina. “Magandang hapon po, inay! Maaari po ba akong makahingi ng pagkain?” magalang na sabi ni Onyok. Namamanghang napangiti ang nanay ni Onyok. “Salamat at natuto ng gumalang ang aking anak,” masayang sabi ng ina.







Masayang nakatingin ang nanay ni Onyok sa kanya habang siya ay maganang kumakain ng meryenda.





## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT, AT TAGALAPAT


**April Gail P. Gonzales:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Nabuclod Elementary School
Floridablanca, Pampanga
bilang Teacher III

**Fatima G. Liang:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Nabuclod Elementary School
Floridablanca, Pampanga
bilang Teacher II

**Reymel D. Quiambao:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Ramon Elementary School
Floridablanca, Pampanga
bilang Teacher I

**Tanya Kaye B. Samillano:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Ramon Elementary School
Floridablanca, Pampanga
bilang Teacher I

**Rolando D. Mendiola:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Magalang Elementary School
Magalang, Pampanga
bilang Teacher III

**Ralph Anthony G. Timbol:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Magalang Elementary School
Magalang, Pampanga
bilang Teacher I

**Abraham M. Cruz:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Miguel Elementary School
Magalang, Pampanga
bilang Mobile Teacher III

Masipag at masunuring bata si Onyok. Sa kabila ng mga katangiang ito, siya ay may ugaling hindi kanais-nais.

Ano kaya ang ugali ni Onyok na hindi kanais-nais? Bakit ayaw siya ng kanyang mga kaklase?

Habang nasa paaralan, napansin ng kanyang guro na parang may kulang sa kanyang mga sinasabi.

Ano kaya ang kulang sa mga sinasabi ni Onyok na napansin ng kanyang guro?

